

Mga Programang Dalawang Kredito

Sa pamamagitan ng inisyatibong Student Success, ang mga paaralang sekondaryo ng Ontario ay nag-aalay ng mga pinalawak na programa upang makatulong na tugunan ang mga indibidwal na istilo at interes ng mga estudyante. Ang mga programang ito ay nagpapahintulot sa mga estudyante na iangkop ang kanilang karanasan sa mataas na paaralan sa pamamagitan ng iba't ibang bago at pinahusay na mga mapipili sa pag-aaral. Ang mga mapipiling ito ay kabilang ang Dual Credits (Dalawang Kredito), Specialist High Skills Majors (Mga Espesyalistang Matataas ang Kasanayan na Medyor) at Cooperative Education (Kooperatibang Edukasyon).

Ang mga programang ito ay tumutulong na tugunan ang mga pangangailangan, interes at lakas ng lahat ng mga estudyante, pinalalahok sila sa pag-aaral at mas mahusay na inihahanda sila para sa pagtatapos at higit pa.

Ano ang mga programang dalawang kredito?

- Ang mga programang dalawang kredito ay inaprobahan-ng-ministri na mga programa na nagpapahintulot sa mga estudyante, habang sila ay nasa mga sekondaryong paaralan pa, na kumuha ng pangkolehiyo o pagsasanay sa trabaho na mga kurso na ibinibilang patungo sa Ontario Secondary School Diploma (OSSD) at isang sertipiko pagkatapos ng sekondaryo, diploma, digri o isang Sertipiko ng Pagsasanay sa Trabaho.
- Ang mga estudyante ay maaaring umani ng mga kredito patungo sa kanilang diploma sa sekondaryong paaralan sa pamamagitan ng mga kursong inihahatid sa kabuuan o bahagi lamang ng pinopondohan ng publiko na mga kolehiyo sa Ontario na lumalahok sa inaprobahan-ng-ministri na programang dalawang kredito. Ang mga estudyante ay maaaring umani ng hanggang apat na opsiyonal na mga kredito sa pamamagitan ng kursong inihahatid ng kolehiyo.

Walang limitasyon sa bilang o uri ng mga sekondaryong kredito na maaari nilang anihin sa pamamagitan ng kursong itinuturo ng pangkat. Ang mga kursong ito ay inihahatid nang magkakasama ng mga instructor sa kolehiyo at mga guro sa sekondaryong paaralan, kung saan ang mga estudyante ay nagtatrabaho sa katumbas o katulad na kurikulum ng sekondaryong paaralan at kurikulum ng kolehiyo ng Ontario nang magkasabay.

Paano pinakikinabangan ng mga estudyante ang mga programang dalawang kredito?

Ang paglahok sa mga programang dalawang kredito ay tumutulong sa mga estudyante na:

- kumpletuhin ang kanilang Diploma sa Sekundaryong Paaralan
- gumawa ng isang matagumpay na paglipat sa kolehiyo o isang programang pagsasanay sa trabaho
- itaas ang kanilang kamalayan sa iba't ibang landas sa kolehiyo at pagsasanay sa trabaho na magagamit nila
- magkaroon ng mas malaking pagkaunawa sa edukasyon at mga desisyon sa pagpapalano ng karera.

Sino ang dapat isaalang-alang para sa mga programang dalawang kredito?

- Ang lupon o ang pangkat ng Student Success sa paaralan ay nagpapasiya, batay sa kaso, kung alin sa mga estudyante ang tatanggapin sa isang inaprobahan-ng-ministri, programang dalawang kredito.
- Ang pangunahing pokus ay nasa mga estudyante na maaaring magtagumpay pero nanganganib na hindi magtapos mula sa mataas na paaralan at mga estudyanteng iniwan ang mataas na paaralan bago nagtapos at ngayon ay bumabalik sa paaralan.

ontario.ca/EDUparents

- Ang mga estudyante sa mga programang Specialist High Skills Major (SHSM) at ang mga estudyante sa Ontario Apprenticeship Program (OYAP) ay karapat-dapat ding lumahok sa mga programang dobleng kredito.

Sino ang sumusuporta at nangangasiwa sa mga estudyanteng kumukuha ng mga kursong inihahatid ng kolehiyo?

- Bilang karagdagan sa pagtuturo at pangangasiwa na ipinagkakaloob ng instruktur sa kolehiyo, ang mga guro ng dalawang kredito sa sekundaryong paaralan ay nagkakaloob ng kailangang suporta at pangangasiwa sa mga esudyanteng kumukuha ng mga kursong may dalawang kredito.
- Ang mga estudyante ay may kakayahan ding tumanggap ng iba't ibang mga suporta at serbisyo sa kolehiyo.

Paano itinatala ang mga resulta mula sa kurso at programang dalawang kredito?

- **Matagumpay na pagkumpleto* ng kursong inihahatid ng kolehiyo:** Ang punong-guro ng sekundaryong paaralan ang nagtatala ng mga angkop na halaga ng kredito, gaya ng ipinasiya ng Ministry of Education, sa Ontario Student Transcript (OST) ng estudyante. Ang kolehiyo ay nagtatala ng angkop na halaga ng kredito sa kolehiyo sa transcript sa kolehiyo ng estudyante.
- **Matagumpay na pagkumpleto* ng programang pagasanay sa trabaho na inihahatid ng kolehiyo:** Ang punong-guro ng sekundaryong paaralan ang nagtatala ng angkop na halaga ng kredito, gaya ng ipinasiya ng Ministry of Education, sa OST ng estudyante. Sa karamihan ng mga kaso kung ang estudyante ay isang nakarehistrong nagsasanay sa trabaho, ang Ministry of Training, Colleges and Universities ay nagtatala rin ng pagkumpleto ng Level 1 na pagsasanay sa trabaho sa loob ng paaralan.

* Ang matagumpay na pagkumpleto ay nililinaw ng mga pamantayan ng kolehiyo.

- **Matagumpay na pagkumpleto ng kursong itinuturo ng pangkat:** Ang pagkakamit ng mga inaasahan mula sa kurikulum ng Ontario ay itinatala sa OST, at ang nakakamit na mga iniaatas sa kurso sa kolehiyo ay itinatala sa rekord sa kolehiyo ng estudyante.

Saan inihahatid ang mga programang dalawang kredito?

Lahat ng pitumpung lupon ng paaralan na may mga sekundaryong paaralan at lahat ng mga kolehiyo ng ginagamit na sining at teknolohiya ng Ontario ay kalahok sa pagkakaloob sa mga estudyante ng sekundaryong paaralan ng mga pagkakataong umani ng dalawang kredito.

Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa lokal na mga programang dalawang kredito, makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong paaralan o sa Student Success Leader sa inyong lupon ng paaralan, o bisitahin ang www.ontario.ca/studentssuccess/